# *Ang mga Tungkulin ng mga Saserdote Yugto 10*
# *Pagpapatupad ng Disiplina sa Pamilya*

***"22 At sinabi ni Samuel, Nagtataglay kaya ang PANGINOON ng napakadakilang pagkatuwa sa mga handog na susunugin at sa mga hain, na gaya sa pagsunod ng tinig ng Panginoon? Narito, ang pagsunod ay maigi kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake." (1 Samuel 15:22 KJV)***

Sa pagpapatupad ng disiplina at pag akay sa mga anak sa daan ng pagsunod. Para sa mga magulang, ang kumita ng salapi at makabili ng materyal na mga bagay na matutunan ng mga bata mas madaling gawin kaysa ituro sa kanila na makinig at sumunod. Ngunit, ang hinihiling ng Panginoon sa mga magulang ay turuan at sanayin ang kanilang mga anak sa kabutihan. Ang pagpapatupad ng disiplina sa pamilya ay mahalaga para sa sumsunod na mga dahilan.

***A. Ang Disiplina ay itinakda ng Dios:*** Tayo ay mga anak ng Dios at dinidisiplina at itinutuwid tayo ng Dios dahil iniibig Niya tayo. Tayo bilang mga magulang ay tinawag din tayo upang disiplinahin at iwasto ang ating mga anak upang dalhin sa kanila ang tunay na kaalaman ng pagibig ng Dios. ***"5 At inyong nilimot ang iniaral na ipinakikipagtalo sa inyong tulad sa mga anak, Anak ko, huwag mong waling bahala ang parusa ng Panginoon, O manglupaypay man kung ikaw ay pinagwiwikaan niya; 6 Sapagka't pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig, At hinahampas ang bawa't tinatanggap na anak. 7 Na dahil sa ito'y parusa kayo'y nagtitiis; inaari kayo ng Dios na tulad sa mga anak; sapagka't alin ngang anak ang hindi pinarurusahan ng kaniyang ama? 8 Datapuwa't kung kayo'y hindi pinarurusahan, na pawang naranasan ng lahat, kung gayo'y mga anak sa ligaw kayo, at hindi tunay na anak." (Hebrew 12:5-8 KJV)*** Habang dinidisplina natin ang ating mga anak nilalabanan natin ang kasalanan sa kanilang buhay. Ipinapakita natin ang awtoriad bilang tunay na mga magulang at pagmamalasakit natin sa kanila dahil sila'y ating tunay mga anak. Huwag tayong matakot sa pamamagitan ng pag iisip na ang ating mga anak ay magagalit sa atin kapag dinisiplina natin sila. Sa halip, ating panghawakan ang Salita ng Dios. ***"sapagka't alin ngang anak ang hindi pinarurusahan ng kaniyang ama?" (Hebrew 12:7 KJV)*** Kung hindi natin didisipilinahin ang ating mga anak, sila'y parang hindi natin mga anak.

***B. Ang disiplina ay nagbabahagi ng pagibig mula sa Dios:*** Mauunawaan at mararamdaman ng ang ating mga anak an gating tunay na pagibig sa kanila bilang sinusunod natin ang mga utos ng Dios sa ating tahanan. ***"24 Siyang naguurong ng kaniyang pamalo ay napopoot sa kaniyang anak: nguni't siyang umiibig ay nagpaparusang maminsan-minsan." (Kawikaan 13:24 KJV)*** Kapag ginawa natin ang ating tungkulin para Dios upang disiplinahin an gating mga anak, ang Panginoon mismo ay magsasalita at maghihikayat sa kanila na sundin an gating mga iniiutos dahil mahal natin ang Dios at mahal natin an gating mga anak.

***C. Ang disiplina ay nagbubunga ng paggalanga at pagkatakot:*** Sa bawat pagkakataon na dinidisiplina natin ang ating mga anak upang iwasto sila at turuan silang huwag gumawa ng kasalanan, malinaw ang paliwanag ng Bibliya tungkol sa kanilang kasalanan at malinaw ang tagubilin kung paanong maiiwasan ang kasalanan iyon ay dapat ibahagi sa kanila, upang igalang nila tayo at hindi sila magtanim ng sama ng loob sa kanilang puso laban sa atin. ***"9 Maigi siyang pinahahalagahan ng kaunti, at may alipin, kay sa nagmamapuri, at kinukulang ng tinapay. 10 Ang matuwid ay nagpapakundangan sa buhay ng kaniyang hayop: nguni't ang mga kaawaan ng masama ay mabagsik." (Hebrew 12:9-10 KJV)*** Kapag napagtanto ng ating mga anak na minamahal natin sila at hangad nating ang pinakamabuti sa kanila, at dinidisiplina natin sila dahil natatakot tayo sa Dios, igagalang nila tayo at pahahalagahan ang ating mga pagtuturo at tagubilin.

***D. Ang disiplina ay kailangang masakit upang ibahagi ang katuwiran at kapayapaan: "11 Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito." (Hebrew 12:11 KJV)*** Ang disiplina ay hindi lamang masakit para sa ating mga anak ngunit pati rin sa atin bilang mga magulang. Sapagkat ang pamalo ay iminungkahi na gamitin upang disiplinahin an gating mga anak gaya ng sinasabi ng Bibliya, ***"15 Ang kamangmangan ay nababalot sa puso ng bata; nguni't ilalayo sa kaniya ng pamalong pangsaway." (Kawikaan 22:15 KJV)*** * Ang pamalo o stick sa kanilang likuran o puwit, at hindi ang ating mga kamay o paa, ni ng damit o hanger ang dapat gamitin sa pagdidisiplian sa mga bata upang alisin ang kasutilan mula sa kanilang mga puso at isipan. * Ang pagsuway at pag aatubili sa paggawa ng tama at mabuti ay kamangmangan, at ang naantalang pagsunod ay kapareho ng pagsuway at ang kamangmangang ito ay maitataboy lamang ng tungkod ng pagwawasto. ***"3 Ang paghagupit ay sa kabayo, ang paningkaw ay sa asno, at ang pamalo ay sa likod ng mga mangmang." (Kawikaan 26:3 KJV)*** Ang pamalo ang mag aalis ng kamangmangan na darating at lalapit sa isipan at puso ng mga bata. Kapag ang isang bata ay sinanay na umiwas sa kalokohan at maging masunurin sa kanyang mga magulang sa anumang pangyayari, kapayapaan at kabutihan ang mananahan sa tahanan. * Ang mga batang lalaki sa mga tahanan na walang disiplina ay balisa dahil sa epekto ng mga

kasalanan sa kanilang buhay, ngunit kapag tinanggap nila ang disiplina sa anumang kamangmangang pag uugali na ginawa nila, kaagad ang pamilya ay may kapayapaan pagkatapos ng panahon ng pagsaway.

***E. <u>Ang disiplina ay nagtuturo ng pagsunod</u>: "12 Kaya't itaas ninyo ang mga kamay na nakababa, ang mga tuhod namang nanginginig; 13 At magsigawa kayo ng matuwid na landas sa inyong mga paa, upang huwag maligaw ang pilay, kundi bagkus gumaling." (Hebrew 12:12-13 KJV)*** * Huwag tayong matakot na disiplinahin ang ating mga anak. Sa huli sila'y magiging maayos at gagaling sila mula sa pagdurusa ng pagsaway, at hindi magtatagal ay pahahalagahan nila ang lahat ng ating pagsisikap na sanayin sila sa daan ng kabutihan at kabanalan. * Ang disiplina ang tanging pinakamainam na magagawa natin para sa ating mga anak, dahil ang disiplina ay nagbibigay ng pagsunod at kabanalan sa buhay. Ang manunulat ng Hebrew ay sinulat ang tungkol kay Jesus ng sumusunod: ***"8 Bagama't siya'y Anak, gayon may natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis;" (Hebrew 5:8 KJV)*** Ang pagdurusa ni Jesus ay nagbahagi ng pagsunod. Sa parehong paraan, ang ating disiplina para sa ating mga anak ay maghahatid ng pagdurusa sa kanilang mga pisikal na katawan ngunit ang pagdurusang iyon ay magbabahagi ng pagsunod at kabanalan sa kanilang buhay.

Ang disiplina at pagsasanay ng bata ay mas lumalalim din ang gaya ng pagtuon natin sa buhay nina Abraham at Isaac.

***"1 At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Abraham; at sinabi niya, Narito ako. 2 At kaniyang sinabi, Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo. 3 At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda ang kaniyang asno, at ipinagsama ang dalawa sa kaniyang mga alila, at si Isaac na kaniyang anak: at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at naparoon sa dakong sinabi sa kaniya ng Dios. 4 Nang ikatlong araw ay itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata at natanaw niya ang dakong yaon sa malayo. 5 At sinabi ni Abraham sa kaniyang mga alila, Maghintay kayo rito sangpu ng asno, at ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at pagbabalikan namin kayo. 6 At kinuha ni Abraham ang kahoy ng handog na susunugin, at ipinasan kay Isaac na kaniyang anak; at dinala sa kaniyang kamay ang apoy at ang sundang; at sila'y kapuwa yumaong magkasama. 7 At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito, ang apoy at ang kahoy, nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin? 8 At sinabi ni Abraham, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama. 9 At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. 10 At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak. 11 At tinawag siya ng anghel ng Panginoon mula sa langit, at sinabi, Abraham, Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako. 12 At sa kaniya'y sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak. 13 At itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at nagmalas, at narito, ang isang tupang lalake, sa dakong likuran niya na huli sa dawag sa kaniyang mga sungay: at pumaroon si Abraham, at kinuha ang tupa, at siyang inihandog na handog na susunugin na inihalili sa kaniyang anak. 14 At pinanganlan ni Abraham ang dakong yaon, ng Jehova-jireh: gaya ng kasabihan hanggang sa araw na ito: Sa bundok ng Panginoon ay mahahanda. 15 At tinawag ng anghel ng Panginoon si Abraham na ikalawa mula sa langit. 16 At sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang Panginoon, sapagka't ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak; 17 Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang mga kaaway; 18 At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka't sinunod mo ang aking tinig." (Genesis 22:1-18 KJV)***

Si Abraham nang tinawag siya ng Dios siya ay may ilan siyang mga pagkukulang ngunit sa wakas, ang kanyang pananampalataya ay pinasakdal ng Panginoon, at ibinahagi ni Abraham ang pananampalatayang iyon sa kanyang anak na si Isaac. Mula sa itaas na napiling Kasulatan ating pagnilayan sa tiyak na mga puntos sa buhay ni Abraham at Isaac na lumakad kasama ng Dios, at kung paanong kumilos sila at tumalima upang sumunod at pasiyahin ang Dios:

***1. Agarang pagsunod:*** Ang pagsunod ay nangangailangan ng agarang pagtugon. Si Abraham nang tinawag siya ng Dios kaagad siyang sumagot, ***"Narito ako." (Genesis 22:1 KJV)*** at kinaumagahan ng sumunod na umaga ginawa niya ang sinabi ng Dios na gawin niya. Kailangan nating sumunod sa Dios kaagad at turuan ang ating mga anak na agarang pagsunod sa Dios at tayo na kanilang mga magulang. Kapag tinagubilanan natin sila na gawin ang tiyak na mga bagay dapat ay mabilis silang tumugon nang maayos at gawin ito sa tamang oras. Bagama't ang naantalang pagsunod ay pagsuway sa kanilang panig, ang pagpaparaya ay pagsuway sa ating panig.

***2. Buong pagsunod:*** Ang pagsunod ay nangangailangan ng lubos na pagpapasakop. Buong pusong sumunod si Abraham sa Dios at handa niyang ialay si Isaac. Hindi nakipagtawaran si Abraham sa Dios o sinubukang gumawa ng ibang bagay para makatakas sa paggawa ng ipinagagawa sa kanya ng Dios. Sa gayon ding paraan, kailangan nating lubos na sundin ang Dios at kailangan nating turuan ang ating mga anak ng ganap na pagsunod sa ating mga tagubilin. Kung minsan kapag tinuturuan natin ang ating mga anak na gawin ang ilang bagay ay nakikipagtawaran sila sa atin o sinisikap nilang ilipat ang ating mga tagubilin sa iba. Ito ay pagsuway, at kailangan nating malaman na ang mga bata ay natututo habang lumalaki. Kung maaari nilang manipulahin ang aming mga tagubilin ngayon, sila ay lalaki nang hindi natututo kung paanong ganap na magpasakop sa anumang awtoridad sa kanila.

***3. Maparaang pagsunod:*** Ang pagsunod ay kailangan ng kasipagan at pagsisikap: Si Abraham ay bumangong maaga at Isaac ay bumangong maaga kasama niya na gawin ang nais ng Dios na gawin nila; na maglakbay ng tatlong araw at umakyat sa bundok, Inilagay ni Abraham ang kahoy kay Isaac at pareho silang umakyat sa bundok. Kailangang turuan natin ang ating mga anak na maging ganap at maayos sa paggawa ng trabaho, maging sa pagsisikap. Sinabi ng Dios, ***"19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi." (Genesis 3:19 KJV)*** * Kaya kailangan ng ating mga anak na gumising sa tamang oras at gawin ang kanilang gawain na magsipilyo, maghilamos ng mukha o maligo, at maghanda para sa pagsamba ng pamilya, pagbabasa ng Biblia, at pagdalo sa kanilang pag-aaral at pag-aaral sa tamang oras. * Dapat makibahagi ang ating mga anak nang maaga sa pagtanggap at pagtupad ng mga responsibilidad sa mga gawaing bahay at kalaunan sa gawain sa labas ng tahanan. * Dapat alam nila kung paanong ayusin ang kanilang mga laruan, aklat, at ayusin ang kanilang mga higaan, ang pinakaunang milya nila. At saka dapat silang atasan na maghugas ng pinggan, magwalis ng lupa, magdilig ng halamanan, magtapon ng basura, magdala ng mga pinamili mula sa kotse hanggang sa kusina, atbp. Ang mga batang natututong magtrabaho nang masigasig ay natututo rin kung paano masayang sumunod.

***4. Masugid na pagsunod:*** Ang pagsunod ay kailangan ng pagtitiis at determinasyon. Mayroong mabuting pag uusap sa pagitan ni Abraham at Isaac habang sila'y paakyat sa bundok, Nagtanong si Isaac, ***"nasaan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin? (Genesis 22:7 KJV)*** Si Isaac ay lubos na nakatuon at ang kanyang isipan ay matatag sa gagawin nila para sa Dios. * Ang gayong uri ng saloobin at talakayan ay dapat magpatuloy sa buhay ng ating mga pamilya at anak. Kailangan nating turuan ang ating mga anak ng mga bagay na itinakda ng Dios para sa atin upang malugod ang Dios sa ating pamilya. Ang mga anak ay dapat magpasalamat sa Dios bilang tutupdin ng Dios ang Kanyang mga pangako at maglalaan para sa ating mga pang araw araw na pangangailangan. Kailangan din nating ipaliwanag sa kanila ang mga pagsubok na pinagdaanan natin upang pasakdalin ang ating pananampalataya sa Dios. * Ang isipan ng ating mga anak ay hindi dapat nakadirekta at nakapaloob sa mga politika, palaro, balita, telebisyon, pelikula, drama, at laro na sisira sa salinlahi at walang pananampalataya sa Dios. Sa halip, sa pinakamaagang panahon kailangan nating ibahagi sa ating mga anak ang ating pananampalataya at mga pagsubok at hilingin sa kanila na manalangin at mag-ayuno kasama natin sa pagtawag natin sa Dios na makalulutas sa ating mga problema. Dapat nating ituro sa ating mga anak na ang pagsunod ay nagdudulot ng panustos, pagsang ayon, at mga himala ng Dios. Kailangan nating ipamuhay sa kanila ang pananampalatayang laging sumusunod at ang nagliligtas.

***5. Kasang-ayon na pagsunod***: Ang pagsunod ay nangangailangan ng palagiang pagsasagawa. Si Abraham ay patuloy na sumusunod sa Dios. Nang tawagin siya ng Dios upang lisanin ang kanyang bayan, ginawa niya. Nang sabihin sa kanya ng Dios na paalisin sina Agar at Ismael, ginawa niya iyon. Bukod dito, nang inutusan ng Dios si Abraham na ialay si Isaac, nagawa niyang ilagay si Isaac sa kahoy at iginapos ito sa altar. Ang pagtulog sa kahoy at ang pag iisip na siya ay ihahandog ay hindi isang komportableng bagay para kay Isaac, ngunit sumunod si Isaac sa kanyang ama tulad ng pagsunod ng kanyang ama sa Dios. Maraming bagay na ipapagawa sa atin ng Dios, na maaaring hindi komportable para sa atin at sa ating pamilya ngunit kailangan nating sumunod.

Tulad ng paggapos ni Abraham ay Isaac sa dambana at nagawa niyang pasunurin, kailangan nating gawin ang katulad sa ating mga anak na sundin nila ang lahat ng kanilang mga gawain at atas. Hindi dapat kontrolin ng mga anak ang mga magulang ngunit dapat kontrolin ng mga magulang ang kanilang mga anak. Si Isaac ay hindi isang maliit na bata kapag siya ay nakagapos, ngunit siya ay isang kabataan o isang young adult. Bukod dito, sinanay na siya ng kanyang ama na sumunod at manatili mula pagkabata. Sa parehong paraan, dinidisiplina natin ang ating sarili at ang ating mga anak na sumunod, bagaman sa simula, hindi komportable para sa ating lahat ngunit pagkatapos ng palagiang pagsasanay, nakikita natin ang bunga ng pagsunod. Kapag natutong sumunod ang mga bata sa mga simpleng patakaran tulad ng pagtulog nang maaga, paggising nang maaga, hindi pag iwan ng pagkain sa kanilang mga plato, pagsipilyo ng ngipin pagkatapos ng bawat pagkain, pagpapanatiling malinis ng kanilang mga damit, pagbabasa ng kanilang mga Bibliya araw araw, at masigasig na paggawa ng kanilang mga aralin sa araw araw, habang sila ay nagbibinata sila ay nagiging mga matalino at patuloy na nagpapakita ng paggalang at pagsunod sa mga magulang at espirituwal na mga namumuno. ***"6 Turuan mo ang***

***bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Kawikaan 22:6 KJV)*** Ang mga mabuting gawi ay kakailanganin ng tatlong linggo upang umunlad sa buhay ng ating mga anak, samakatuwid ating turuan natin sila na manatili at isagawa ang mga tamang alituntunin ng buhay habang sila ay bata pa, at patuloy nilang gagawin ang mga ito kapag sila ay matanda na.

***Sa aking Mahal at Minamahal ko***: Lumapit sa Dios upang pagnilayan ang mensaheng natanggap mo na naglalarawan ng disiplina ng mga bata mula sa iba't ibang aspeto at gaya ng mga sumusunod:

- Ang disiplina ay itinakda ng Dios.
- Ang disiplina ay nagbibigay ng pagmamahal mula sa Dios.
- Ang disiplina ay nagbubunga ng paggalang at pagkatakot.
- Ang disiplina ay kailangang masakit para maibahagi ang kabutihan at kapayapaan.
- Ang disiplina ay nagtuturo ng pagsunod. At ang pagsunod ay dapat:

1. Kaagad na kung saan ay humihingi ng agarang tugon.
2. Ganap na kailangan ng lubos na pagpapasakop.
3. Maparaan na nangangailangan ng sipag at kasipagan.
4. Masugid na nangangailangan ng pagtitiyaga at determinasyon.
5. Kasang-ayon na nangangailangan ng palagiang pagsasanay.

Ipagkatiwala mo ngayon ang iyong sarili sa Dios para sa lahat ng turo na natanggap mo mula sa Kanya sa mensaheng ito, na ipamuhay at isagawa sa iyong buhay at sa buhay ng iyong pamilya at mga anak, upang ikaw at ang iyong pamilya ay maging isang mabuting halimbawa at mabuting patotoo sa iba na malaman at sundin ang Dios at sundin ang Kanyang Salita at kalooban.
Tayo ay manalangin:….

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyo para sa lahat ng mga bagong bagay na aking natutunan sa mensaheng ito, at salamat para sa lahat ng Banal na Kasulatan na pinalawak sa akin. Panginoon salamat sa iyo para sa aking pamilya at sa lahat ng mga pagpapala na ipinagkaloob mo sa akin, at salamat sa iyo para sa nakakatulong na mga pagsubok na ipinahintulot mo sa aming buhay na nagtuturo sa amin na magoatuloy sa makipot na daan at tumalima sa iyong kalooban at palakihn ang aming mga anak sa isang makaDios na paraan.*

*Magsisi at talikdan ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikdan ang iyong kawalang ingat at walang kahandaang gawin ang mga aktibong mga hakbang upang disiplinahin ang iyong mga anak. Magsisi sa iyong pagkaantala sa pagsunod at sa iyong hindi pagsuko sa kalooban ng Dios. Magsisi sa iyong pagpaparaya at pagkunsinti sa mga kasalanan ng iyong mga anak. Magsisi sa paggawa ng iyong sariling kalooban at plano at hindi sa kalooban at plano ng Dios. Magsisi sa iyong masamang halimbawa sa iba at sa iyong pamilya at mga anak. Magsisi sa paglalaan ng maraming oras sa iyong mga kaibigan, at sa Media, Balita at mga laro. Magsisi sa iyong kakulangan sa pagbabasa ng Bibliya at buhay ng mga panalangin. Iwaksi ang iyong masamang pangangasiwa, at ang iyong walang kahandaang magdusa para kay Cristo at maglingkod sa Kanya nang buong puso. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako at tinatalikuran ang mga sumusunod na kasalanan ______________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ipamuhay ang lahat ng aking tinanggap sa mensaheng ito sa buhay ng aking mga anak, na disiplinahin sila at palakihin sila sa pagkatakot sa iyo. Panginoon, Aking ipinangako ang aking sarili na magbasa ng iyong Salita at manalangin kasama nila at turuan sila ng iyong mga utos at sanayin sila na maglingkod sa iyo. Panginooon ipinangako ko ang aking sarili na magbunga pa ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kaamuhan, kababaang loob, pananampalataya, pagtitiyaga at pagpipigil sa saruili, na makita ng mga tao si Cristo sa akin, Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili na gawin ang sumusunod na hiniling mo sa akin na gawin _____________________. Panginoon itaas mo ako ng iyong biyaya, hanggang maganap mo na sa aking pamilya at mga anak.*

*Panginoon, salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang mga buhay upang ipamuhay ang mga alintuntunin na tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon itaas sila ng iyong biyaya at bigyan sila ng pagtitiis na tapusin nang ganap ang lahat ng atas na hiniling mo sa kanila na gawin, Panginoon bigyan sila ng karunungan at turuan sila kung paanong isagawa at disiplinahin ang kanilang mga anak isa isa, at pagpalain sila para sa kanilang pagsisikap at paglilingkod sa iyo. Panginoon lutasin ang kanilang mga suliranin ar patuloy na ibigay ang lahat ng kanilang mga pangangailangan sa gayo'y patuloys silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon tulungan kami bilang iyong simbahan at gabayan kami na patuloy na turuan ang iyong bayan at ang lahat ng pamilya sa simbahan at ang aming mga alagad ng mga tuntunin ng iyong Salita ng kung paanong ipatupad ang disiplina sa buhay ng mga bata. Panginoon tulungan kami na patuloy na sanayin ang mga magulang at turuan sila kung paanong disiplinahin ang kanilang mga anak at palakihin sila sa pagkatakot sa Dios. Panginoon pupusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tupdin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios,' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen*

Ang mga Tungkulin ng mga Saserdote Yugto 10 Pagpapatupad ng Disiplina sa Pamilya1 Samuel 15:22. Hebreo 12:5-13. Kawikaan 13:24. Kawikaan 22:15. Kawikaan 26:3. Sa Mga Hebreo 12:12-13. Hebreo 5:8. Genesis 22:1-18. Genesis 3:19. Kawikaan 22:6.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com